# ARAW NG KALAYAAN: ARAW NG TAGUMPAY

*by:*
**Jelly B. Villa**

May Kalayaan pa nga bang tinatamasa ngayon? Ito ang karaniwang tanong ng isang ordinaryong Pilipino na walang hangad kundi ang maasam at maramdaman ang kakarampot na laya pagdating sa lahat ng bagay, maging ito man ay sa pananamit, pananalita o maipahayag man lamang ang kanyang saloobin upang gumaan man lamang ang kaloobang naninibugho sa sakit at dusa ng nakaraan. Kalayaan ang sambit ng mga taong natatapakan ang karapatan, na marahil sa panahong kasalukuyan ay hindi na masyadong binibigyang pansin. May batas na nagsasabi na may kalayaan ang tao na ipahayag ang kanyang ninanais na sabihin at gawin, ngunit kapag ang karapatan na ng iba ang pumasok, maaari na itong patigilin at isilid na lamang sa apat na sulok ng kawalan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa pagdiriwang ng araw ng Kalayaan tuwing ika – 12 ng Hunyo ay ating ipinagdiriwang ang tagumpay ng mga bayaning Pilipino na nagbuwis ng buhay para makamit ang ating kasarinlan. Dugo at pawis ang kanilang inialay para sa kapakanan at kaligtasan ng ating Inang Bayan. Napakahalaga ng pagkakaroon ng Kalayaan ng isang bayan o bansa. Sa pamamagitan nito naipaparating natin ang ating saloobin sa lipunan para sa kapakanan ng bawat mamamayan. Lahat tayo ay nabibigyan ng karapatan sa iba't ibang aspekto ng buhay. Kaya naman, ating pahalagahan ang ating Kalayaan at huwag hayaan agawin muli ninuman.

Sa taong ito, ang Araw ng Kalayaan ay may temang "Pagsuong sa Hamon ng Panibagong Bukas"mula sa Pambansang Komisyon ng Pilipinas. Ipinapahiwatig ng tema na ang Kalayaan ay may kaakibat na responsibilidad na naglalayong palakasin hindi lamang ang katawan at resistensya sapagkat ito ang hinihingi sa atin ng buhay upang

malagpasan ang hamon ng pandemya bagkus pati na rin ang Isip na totoong humihikayat sa buong pagkatao ng isang indibidwal upang mas makamit ang minimithing tagumpay sa mga araw-araw na hinaharap na bigat ng kasalukuyang Sistema ng lipunan.

Hindi hadlang ang pandemya upang ipagdiwang ang Araw ng Kasarinlan sa mga Paaralan. Muling ipinamalas ng mga mag-aaral ang kanilang sidhi na ipagdiwang ito sa pamamagitan ng simpleng bagaya gaya nang paglalagay ng mga watawat ng Pilpinas sa paligid ng paaralan. Patunay lamang na hindi nakakalimot ang mga mag-aaral at mga kabataan na sinasabi ng Pambansang Bayani ng Pilipinas na "Ang Kabataan ang Pag-asa ng Bayan".

Maging malaya, hindi lamang sa sariling anino ng kahapon na pilit na hinahabol ang kasalukuyan upang maituwid ang pagkakamali ng nakalipas. Isang hamon sa ating mga Pilipino na magpatuloy lumikha ng kabutihan sa kapwa upang higit na maramdaman at mapagtagumpayan ang Tunay na Kalayaan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Department of Tourism, Culture, and Arts of Manila (DTACM), (2022), Kalayaan 2022: Pagsuong sa hamon ng panibagong bukas, https://manila.gov.ph/kalayaan-2022-pagsuong-sa-hamon-ng-panibagong-bukas/